# Access Mental Health 1800 332 388

# Isang pakikipagtulungan ng “A Tasmanian Lifeline”

## Para kanino ba ito?

Ang Access Mental Health Service (Paggamit sa Serbisyo ng Kalusugan ng Isip) ay para sa sinumang nasa anumang edad na maaari o may kakilala na

- Nagpapakita ng halatang mga pagbabago sa estado ng pag-iisip
- Kumikilos sa isang magulong pamamaraan
- Nakakakita/nakakarinig ng mga bagay na hindi nandoon
- Nababalisa at natatakot
- Nagpapahayag ng mga ideya at mga kaisipan na magpapakamatay

## Paano ka makakatawag?

Kahit sinumang taong nasa Tasmania ay maaaring direktang tumawag nang libre sa Access Mental Health sa **1800 332 388**.

## Paano ito gumagana?

Ang Access Mental Health ay tumatakbo 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang suportahan ang komunidad ng Tasmania at mas madaling magamit ang sistema ng kalusugan ng isip sa Tasmania.

## Sino ang nakikilahok?

Ang Access Mental Health ay ibinibigay ng Department of Health, Tasmania na nakikipagsosyohan sa Lifeline Tasmania. Pinapatakbo ito ng mga sanay at may karanasan na mga propesyonal sa mental health.

## Anong tulong ang matatanggap mo?

✓ Dagliang tulong sa telepono
✓ Impormasyon tungkol sa sistema ng mental health sa Tasmania
✓ Tulong sa pagkuha ng referral (rekomendasyon) sa mga pampublikong serbisyo sa kalusugan ng isip kung kinakailangan

**Unang tumawag sa 000 Emergency Services (mga Serbisyong Pang-emerhensya) kung ikaw o may sinumang nasa agarang panganib.**

Department of **Health**

Tasmanian Government